THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 *Libreng Operasyon para cleft lip at palate, isinagawa*

VOLUME I No. 41 Aug 22, 2022 - Aug 28, 2022

# Oriental Mindoro Heritage and Cultural Center, bukas na!





BUKAS na sa publiko ang Oriental Mindoro Heritage and Cultural Center (OMHCC) ayon sa opisyal na anunsyo ni Provincial Tourism Officer Dr. Dhon Stepherson Calda sa pamamagitan ng kanilang official FB page, 'Lakbay Oriental Mindoro' na may petsang Setyembre 1.

Matatagpuan ang OMHCC sa Brgy. B.Del Mundo, Mansalay.

Matatandaang naitayo ang malaking proyektong ito sa ilalim ng unang termino ni Governor Bonz Dolor bilang bahagi ng kanyang malalim na pagpapahalaga at pagpaprayoridad sa mgabkatutubong Mangyan ng Oriental Mindoro. Nagtatampok naman ito at nagsisilbing sentro ng makukulay na tala ng kasaysayan at natatanging pamana sa yamang kultura ng Oriental Mindoreños.

Kauna-unahan sa MIMAROPA at natatangi ang OMHCC dahil nakatuon ito sa promosyon at preserbasyon ng mga likhang-gawa at kultura ng mga katutubong Mangyan ng Isla ng Mindoro.

Naisakatuparan naman ang proyektong ito sa pamamagitan ng pagtutuwang ng Pamahalaang Panlalawigan at National Commission for Culture and the Arts (NCCA).

Ang Oriental Mindoro Heritage and Cultural Center (OMHCC) ay bukas simula Lunes hanggang Biyernes, maliban kung Holidays, ganap na alas-otso ng umaga.





THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM




# *Coaches Training ng PDRRMO isinagawa!*


*SINIMULAN na noong Agosto 22 ang Coaches Training on the Management of the Dead and Missing Persons (MDM) na pinangasiwaan ng Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) sa pakikipagtulungan sa DILG Oriental Mindoro Provincial Office sa La Primera Grande Beach Resort, Brgy. San Jose sa bayan ng Roxas.*

*Ayon kay PDRRM Officer Vinscent B. Gahol, pangunahing layunin ng nabanggit na pagsasanay na magkaroon ang Oriental Mindoro ng sariling coaches at sariling teams na may kakayahan at sapat na kaalaman kung paano ang tamang pangangasiwa sa mga biktima ng kalamidad, kanilang mga kamag-anak at maging ng mga nawawalang indibidwal sanhi ng kalamidad.*

*Ito, aniya, ang kauna-unahang MDM coaches training sa lalawigan simula nang maitatag ang Povincial Disaster Response Team noong 2012 at ng pagkakabuo naman ng Provincial DRRM Office noong 2019. Bahagi rin ang gawain ng pagpapaigting ng disaster preparedness ng lalawigan ayon na rin sa direktiba ni Governor Humerlito "Bonz" Dolor.*


*Dinaluhan ang pagsasanay ng mga municipal DRRM officers, mga myembro ng PDRRM Council, PNP, AFP, Coastguard at Bureau of Fire Protection. Matatapos ang gawain sa Agosto 26.*










**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**




# *Libreng Operasyon para cleft lip at palate, isinagawa*

*Muli naghatid ng panibagong ngiti sa mga mga batang may cleft lip and cleft palate mula sa iba't-ibang bayan sa lalawigan ang Ruel Foundation at Philippine Band of Mercy (PBM), kapwa non-profit organizations na may adhikaing tumulong ng libre sa mga taong nangangailangan ng katulad na serbisyo.*

*Naisakatuparan naman ito dahil sa regular na pakikipagtuwang ng Pamahalaang Panlalawigan sa dalawang nabanggit na grupo sa pamamagitan ng mga pasilidad ng Oriental Mindoro Southern District Hospital (OMSDH) na nakabase sa Bgy. Odiong Roxas.*

*Masakit man ang nararanasan ngayon at nararamdaman ng mga munting anghel na sumailalim sa operasyon, may tinatanaw naman silang panibagong ngiti sa kanilang mga labi na magbibigay daan sa kanilang magandang kinabukasan.*

*Ang kanilang mga nanay na nasasaktan man dahil sa hindi sinasadyang kundisyon ng kanilang mga anak, walang pagsidlan ngayon ng tuwa dahil sa magandang biyayang natanggap ng kanilang anak.*

*Sila, na ang tanging sandata ay lakas ng loob at pagtitiwala sa mga taong ginamit ng Dios upang ang kanilang mga minamahal ay muling magkaroon ng normal na buhay, nagpapasalamat ng lubos ngayon sa pamunuan ng Ruel Foundation, PBM at PGOM at sa iba pang naging instrumento upang manumbalik ang normal na kundisyon ng kanilang mga anak (PIO Oriental Mindoro).*

# Renewable Energy programs isasagawa sa lalawigan!





BUMISITA kay Governor Humerlito "Bonz" Dolor si First Secretary in Embassy of India Nishikant Singh, WEGEN Laudato Si Phiipines President Charlie Ayco at WEGEN Engr. Greg Corruz sa Kapitolyo noong noong Agosto 22.

Nandito sa Oriental Mindoro si First Secretary Singh para sa exploratory meeting sa Pamahalaang Panlalawigan sa mga posibleng renewable energy programs na maaaring pagtulungan upang bigyan ng solusyon ang nararanasang krisis sa elektrisidad sa Oriental Mindoro.

Ayon kay First Secretary Singh, nakahanda ang Indian Embassy na makipagtuwang sa Oriental Mindoro sa pagpapatupad ng renewable energy projects, agri farm mechanization at iba pa na tinatawag nila sa India na quick impact projects.

Binanggit din ng First Secretary na sa kanilang bansa lalo na sa malalaking IT company, pagkatapos ng apat na taon ay pinapalitan na ang lahat ng mga desk top computers. Ipinanukala niya na kung maaayos pa ang mga nabanggit na IT equipment ay maaari pa nila itong i-donate sa mga nangangailangang bansa tulad ng Pilipinas. Nagpaabot na kaagad ng pasasalamat si Gob. Bonz sa donasyong ito na, aniya ay malaki ang maitutulong sa sisimulang Zero Illiteracy Program para sa mga katutubong Mangyan.

Sinabi naman ni WEGEN Pres. Ayco na nais nilang alamin ang kalagayan ng memorandum of undertaking sa pagitan ng Department of Energy, Provincial Government of Oriental Mindoro. WEGEN Laudato Si, Apostolic Vicariate of Calapan, Diocesan Social Action Center para sa pagpapatupad ng Oriental Mindoro Green Energy Pilot Project.

Ang WeGen Phils. ay isang solar company na nagbibigay ng mga solusyon sa kakulangan ng enerhiya sa bansa sa pamamagitan ng solar PV technology. Layunin din nila na matulungan ang mga consumer hindi lamang upang mapababa ang konsumo ng kuryente kundi upang makatulong rin na mabawasan ang greenhouse gas emission at ang mga epekto ng climate change.

Kasama rin sa naturang pagbisita ang mga kinatawan mula sa PPDO, Provincial Legal Office at si Rev. Fr. Edu Gariquez, Executive Director, Apostolic Vicariate of Calapan Social Action Center (PIO Oriental Mindoro).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 41 Aug 22, 2022 - Aug 28, 2022

MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *2nd Sports, Music at Arts Workshop, matagumpay na nailunsad!*

PINAGUNAHAN ng City Youth and Sports Development Department ang matagumpay ng pagtatapos ng Sports Clinic, Music and Arts Workshop noong August 20, 2022. Ang nasabing workshop ay isang programa para sa mga kabataang Calapeño ng administrasyong Morillo sa ilalim ng TAMA Program o ang TAumbayan ang MAsusunod. Ibat-ibang kasanayan ang isinagawa sa nasabing workshop na naging positibo naman sa mga magulang ng kabataan na nakilahok sa aktibidad.

Pinangasiwaan ni CSYD Department Head, Mr. Marvin Panahon, ang paggawad ng pagkilala sa mga trainor ng iba't-ibang kasanayan sa workshop na isinagawa at tumagal ito ng sampung araw. Ipinangako naman ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo na sa susunod na taon ay magkakaroon muli ng ganitong workshop at mas pararamihin pa ang ibat-ibang kasanayan na makatutulong sa paghubog sa kakayahan ng mga kabataan (City Information Office).









